JANUARY Makugihon

FEBRUARY Mahigugmaon

MARCH Matinabangon

APRIL Matinahuron

MAY Mahapsay og Malimpyo

JUNE Maabtik og Musunod sa Ohsaktong Oras

JULY Maantigo og Maabilidad

AUGUST Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER Madaginoton

OCTOBER Matinud-anon

NOVEMBER Masaligan

DECEMBER Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 2:
## Ang Pagtatanggol ng mga Pilipino Laban sa Kolonyalismong Espanyol



Pangalan: ________________________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ________________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


**Manunulat:** Crisente P. Talitayan, MT-1
Gina A. Albarico, MT-1

**Mga Editor:** Alma Fe T. Librea, MT-1

**Tagasuri:** Maria Rosario C. Sabanal. MT-1
Mizpa R. Ando, T-3

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
Crisente P. Talitayan, MT-1

**Tagalapat:** Gladys Myr G. Sulo, T-1
Janette B. Ganao, T-1

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
*Napapahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol



# Balikan

**I. Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa ibaba. Hanapin ito sa kahon ng mga titik na bumubuo sa salita ng inyong tamang sagot na pahalang, pababa, pataas o pabaligtad. Guhitan ang mga ito at isulat sa patlang.

Halimbawa: Ano ang ibig sabihin ng salitang Kolonyalismo?
Sagot: **PANANAKOP**

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | B | Q | I | S | X | K | L | N | M | R | T |
| M | P | A | N | G | A | N | G | A | Y | A | W |
| V | L | M | N | B | O | R | S | T | U | W | Y |
| B | A | Y | A | N | I | R | M | N | P | R | S |
| P | A | N | A | N | A | K | O | P | S | J | P |
| N | R | K | S | D | H | M | L | T | K | I | M |
| H | M | O | N | O | P | O | L | Y | O | H | S |
| S | M | P | A | G | T | U | T | O | L | A | Y |
| T | L | Q | K | G | H | K | L | M | W | D | S |

1. Anong pangkat ng mga katutubo sa hilagang Luzon na sumuway sa mga Espanyol sa kanilang patakarang monopolyo ng tabako.____________________
2. Ano ang tawag sa isang pamaraan ng mga Espanyol sa tuwirang pagkontrol sa pagpapatakbo ng kalakalan ng tabako sa bansa._______________________
3. Ano ang ginawang tugon ng mga Pilipino sa Kolonyalismo ng Espanya._________________
4. Ano ang tawag sa banal at panrelihiyong pakikipagdigma ng mga Muslim laban sa mga Espanyol sa Mindanao.______________________________
5. Ito ay isang kaugalian ng mga Igorot sa pagpugot ng ulo ng kanilang mga kalaban na kinakatakutan ng mga Kastila.__________________________

| Aralin 2 | Ang Pagtatanggol ng mga Pilipino Laban sa Kolonyalismong Espanyol |
|---|---|



# Tuklasin

Upang makamit mo ang layunin sa aralin na ito, basahin at sunding mabuti ang mga pahayag na nasa kahon at pagnilayan mo ang mga maaaring maging angkop na kasagutan sa mga tanong na nasa ibaba.

Panuto: Maghanap ng isang tahimik at maaliwalas na lugar. Basahin ng mabuti ang mga kataga ng awitin na isunulat ni Ka Freddie Aguilar –"*Ang Bayan Kong Pilipinas*". Kung maaari na may *internet* o *recorded* na sipi ng awitin dahil mas mainam kung mapakinggan mo ito. Mula sa mga talata sa awitin sa ibaba, pumili ng isang salita o kataga na nagustuhan mo at nakapaantig ng iyong damdamin.

*Ang bayan kong Pilipinas*
*Lupain ng ginto't bulaklak*
*Pag-ibig na sa kanyang palad*
*Nag-alay ng ganda't dilag*

*At sa kanyang yumi at ganda*
*Dayuhan ay nahalina*
*Bayan ko, binihag ka*
*Nasadlak sa dusa*

*Ibon mang may layang lumipad*
*Kulungin mo at umiiyak*
*Bayan pa kayang sakdal-dilag*
*Ang 'di magnasang makaalpas*
*Pilipinas kong minumutya*
*Pugad ng luha at dalita*
*Aking adhika*
*Makita kang sakdal laya*

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Isulat ang salita na iyong napili.______________________
2. Ano ang iyong nararamdaman? Bakit mo ito pinili? Ipaliwanag ang iyong sagot. ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
3. Bakit kaya nasadlak sa dusa ang bayan?__________________________________
4. Sino ang tinutukoy sa awitin na Bayan?__________________________________
5. Sino ang tinutukoy sa awitin na dayuhan?________________________________
6. Kung ikaw ay nasa panahon noon ng mga mananakop na Kastila, Ano rin naman kaya ang maibahagi at magawa mo para maipagtanggol ang bayan?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

**Mga Pag-aalsang Naganap sa Panahon ng Kolonyalismo Espanyol**



## Mga Naunang Pag-aalsa Laban sa mga Espanyol

**LAPU-LAPU** ang namumuno sa mga katutubo sa labanan sa Mactan. Siya ang unang nagtanggol sa kalayaan sa mahabang panahon ng pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas. Sa loob ng 333 taong pananakop ng mga Kastila hindi masabing nagsa-walang-kibo at naging mapagtiis ang mga Pilipino hindi lamang sa mga huling taon ng pagkakasakop sila nagkaroon ng kamalayan o tapang upang tutulan ang mga hindi makatarungan at mapang-abusong pamamahala ng mga Espanyol sa bansa. Mapapatunayan sa kasaysayan na may mahabang kwento ng mga pagtutol ng mga Filipino sa mga Espanyol dala ang iba't ibang pangyayari sa loob at labas ng bansa

## Labanan sa Mactan




Ang unang pakikipaglaban na isinagawa ng mga katutubo sa pamumuno ni Lapu-Lapu bilang pagtutol sa pananakop ng mga Espanyol. Isa lamang ito sa mara ming pakikibaka ng mga katutubo at mga pangyayari sa loob ng bansa. Mahalagang masuri ang mga dahilan at mga salik sa unang mga pag-alsa at pagkakabigo at ang ambag nito sa paghubog at pagpapatibay sa kamalayang pambansa ng mga Pilipino.

Sa pagpapatupad ng Kolonyalismong Espanyol, ang mga gobernador-heneral at mga paring namalakad sa pamahalaan at simbahan ay naging malupit at mahigpit sa kanilang pamumuno sa mga Filipino.

Ang hinde makatarungang pamumuno na ito ng mga Espanyol ay humantong sa tahasang pagtutol ng mga Filipino. Ilan sa kanilang mga tinutulan ay ang mataas na buwis, sapilitang paggawa, pang-aalipin, pagkamkam sa mga lupain, diskriminasyon sa lipunan, at malupit na pamamalakad ng mga prayle at pinunong Espanyol. Ang mga pag-aklas na ito ay isinagawa ng mga katutubong buhat sa ibat-ibang panig at mga liblib na lugar ng Pilipinas, at maging ng mga binyagang Katoliko na nakaranas ng kalupitan ng mga Espanyol.

Mahahati sa tatlong pangunahing kadahilanan ang pag-alsang isinagawa ng mga Filipino- na makikita natin sa tsart sa ibaba ang **Politikal, Panrelihiyon, at Ekonomiko** na mga dahilan ng kanilang pagtanggol at pag-alsa.




**Tatlong (3) Pangunahing Dahilan ng Pag-alsa**

Pag aralan ang mga sunod sunod at hiwalay na mga pag-alsa ng mga unang Pilipino sa tsart sa ibaba at suriin ang kahalagahan ng kanilang ipinaglalaban sa politikal, parelihiyon at pang-ekonomiko na pakikibaka

## Mga Pag-aalsa at Pagtanggol ng mga Pilipino sa Panahon ng Kolonyalismo Espanyol

**I- Pag-alsang Politikal**- isang pag-alsa na isinagawa ng mga dating datu, maharlika at babaylan at katalonan na namuno sa aspetong espiritual at mga pinuno ng pamayanan upang manumbalik ang kapangyarihang nilang mamuno sa kanilang nasasakupan

| Pangyayari | Sanhi at Kahalagahan ng Pag-alsa |
|---|---|
| **Pag-aalsa ni Lakandula** (1574) | Siya ang huling Hari ng Maynila. Nag-alsa dahil sa hinde pagtupad sa pangako ni Governador Heneral Miguel Lopez de Legazpi na malibre ang pagbabayad ng buwis at polo ang kanyang mga kaanak. Natanggal ang prebilihiyo ng palitan si Legazpi ni Guido-Lavezarez bilang Governador Heneral ng Pilipinas |

| Pangyayari | Sanhi at Kahalagahan ng Pag-alsa |
|---|---|
| **Pag-alsa ng mga Datu ng Tondo** (1587-1588) | Ninais ng mga datu- sa pangunguna ni Magat Salamat-Martin Pangan, Juan Banal, at Pedro Balingit na mabawi muli ang kanilang kalayaan at karangalan. Maagang natuklasan kaya ipinapatay at ipinatapon ang iba sa ibang bahagi at labas ng bansa ang mga nadakip na pinuno. |

**II-Pag-alsang Panrelihiyon**-isang uring pag-alsa ng mga Pilipino bilang protesta sa mga Espanyol at pagsuway sa Kristiyanismo

| Pangyayari | Sanhi at Kahalagahan ng Pag-alsa |
|---|---|
| **Pag-aalsa ng mga Igorot** (1601) | Pagtutol sa pagtanggap ng binyag ng Kristiyanismo sa hilagang Luzon alinsunod s autos ni Gobernador Heneral Francisco de Tello De Guzman. Hinde nagtagumpay ang mga Espanyol na ipasailalim ang mga Igorot. |
| **Pag-aalsa ni Bancao** (1621) | Pinamunuan ni Datu Bancao ng Carigara na lumaban sa Simbahang Katolika ng Leyte.Katuwang ang babaylan na si Pagali (na gumamit umano ng "mahika") ay nagtayo ng mga dambana para sa mga anito, at hinikayat ang ilang bayan na sumapi sa kanila at makilahok sa pag-aalsa Nasupil ang kanilang rebelyon at pinugutan ng ulo si Bancao. |
| **Pag-aalsa ni Tamblot** (1621-1622) | Pagtutol ng mga Boholano sa Kristiyanismo sa pamumuno ng dating babaylan na si Tamblot. Isinagawa ito sa unang araw ng pista ni St. Francis Xavier. Nasupil ang pag-aalsa pagsapit ng Bagong Taon ng 1622. |
| **Pag-aalsa ng mga Itneg** (1625-1627) | Pinumunuan nina Miguel Lanab ng Cagayan at Alababan ng Apayao. Pinugutan ng ulo ang dalawang misyonerong Dominican at hinikayat ang mga Itneg na magnakaen\w, dumumi sa imahen ng santo, at sunugin ang mga lokal na simbahan bilang protesta sa sapilitang pagbibinyag sa kanila ng Kristiyanismo.Nasupil noong 1627 sa utos ni Gobernador-Heneral Fernando de Silva. |
| **Pag-aalsa ni Tapar sa Panay** (1663) | Pinangunahan ni Tapar ng Iloilo na naghahangad na magtayo ng bagong sangay ng Kristiyanismo sa bayan ng Oton kung saan ay kikilalanin siya bilang "Diyos na Makapangyarihan". Agad na nasupil at pinapatay ang mga lumahok sa rebelyon. |

| Pangyayari | Sanhi at Kahalagahan ng Pag-alsa |
|---|---|
| **Pag-aalsa Ng mga Magtangaga ng Cagayan** (1718) | Pinamunuan ni Francisco Rivera na ninais na matawag na "Papa Rey" (Papa o 'pope,' at hari). Pinigilan niya ang mga katutubo ng Tuguegarao na ipagpatuloy ang pagtangkilik sa Kristiyanismo at hinimok ang pagsasauli sa mga prayle ng ibinigay nilang mga rosaryo at iskapularyo. Marami sa mga kasapi ang tumalikod sa marahas na pamumuno ni Rivera, at agad ding nasupil ang rebelyon ng mga sundalong Espanyol. |
| **Pag-aalsa ni Dagohoy sa Bohol** (1744-1829**)** | Nagalit si Dagohoy, isang dating *cabeza de barangay*, dahil sa pagtutol ng kura na bigyan ng marangal na libing ang kaniyang konstableng kapatid. Ang pag-alsa ni Dagohoy ang pinakamahabang himagsikan sa Pilipinas |
| **Pag-aalsa ni Apolinario dela Cruz sa Tayabas** (1840-1841) | Nagalit si Apolinario dela Cruz o Hermano Pule dahil tinanggihan siyang maging pari at kilalanin ang kaniyang samahang *Cofradia de San Jose*. Dinakip at pinatawan ng kamatayan. |

**III- Pag-alsang Ekonomiko-** Uri ng pag-alsa- ang mahigpit na pagtutol ng mga Pilipino sa mga Patakarang pangkabuhayan na ipanatupad ng mga Kastila gaya ng buwis, sapilitang paggawa, monopoly at kalakalang galyon

| Pangyayari | Sanhi at Kahalagahan ng Pag-alsa |
|---|---|
| **Pag-aalsa ni Magalat** (1596) | Kasama ang kaniyang kapatid, tinutulan ni Magalat, isang rebelde mula Cagayan, ang di-makatuwirang paniningil ng buwis ng mga Espanyol. Ipinapatay ng mga Espanyol sa mga *indio* na nakilahok sa pag-aalsa ni Magalat |
| **Pag-aalsa ni Ladia sa Malolos, Bulacan** (1643) | Pinamunuan ni Pedro Ladia—isang Moro na taga-Borneo na naniniwalang mula siya sa lahi ni Lakandula. Kinumpiska ang kaniyang ari-arian ng mga Espanyol na nagtulak sa kaniya na mag-alsa laban sa mga mananakop. Dinakip at dinala sa Maynila kung saan siya sinentensiyahan ng kamatayan. |
| **Pag-aalsa ni Sumuroy** (1649-1650) | Pinamunuan ng Waray na si Agustin Sumuroy ang pag-aaklas laban sa *polo y servicio* sa Samar. Taliwas sa patakaran ng *polo*, ang mga Waray ay ipinadala sa mga pagawaan ng barko sa Cavite, malayo sa kanilang tirahan. Sumiklab ang pag-aalsa sa Cavite at umabot sa *Mindanao*, Bicol, Cebu, Masbate, Camiguin, Zamboanga, at hilagang Mindanao. Humina ang pag-aalsa hanggang sa tuluyang masupil nang madakip at ipapatay ng mga Espanyol si Sumuroy at iba pang lumahok sa pag-aalsa. |

| Pangyayari | Sanhi at Kahalagahan ng Pag-alsa |
| --- | --- |
| **Pag-aalsa ni Maniago (1660-1661)** | Pinamunuan ni Francisco Maniago ng Mexico, Pampanga. Pagtutol ng mga Kapampangan sa sapilitang paggawa sa mga galyon at sa hindi pagbabayad ng pamahalaan sa mga biniling palay mula sa mga magsasakaNasupil ni Gobernador-Heneral Sabiniano Manique de Lara gamit ang "*divide and rule policy*" |
| **Pag-aalsa ni Malong sa San Carlos, Pangasinan** (1660-1661) | Pinamunuan ni Andres Malong. Nag-ugat sa hindi pagbabayad ng mga Espanyol ng kaukulang sahod sa libo-libong katutubong nagtatrabaho sa pagawaan ng barko. Kinalaban ang mga opisyal na Espanyol lamang at hindi ang kaparian o ang Simbahan. Agad nasupil ng mga Espanyol |
| **Pag-aalsa Almazan sa San Nicolas, Laoag, Ilocos Norte** (1761) | Pinamunuan nina Don Pedro Almazan—isang mayamang pinuno ng Laoag na kinoronahan noong 1660 bilang Hari ng Ilocos—at Juan Magsanop—pinuno ng Bacarra, Bangu. Nagsagawa ng mga pag-aalsa bilang pagsuporta sa ipinaglalaban ni Malong ng Pangasinan. Matapos niyang ipapugot ang ulo ng mga prayleng Dominican na si Jose Santa Maria at Augustinian na si Jose Arias, nadakip si Almazan, ibinigti sa plaza, at tuluyang natigil ang rebelyon |
| **Pag-aalsang Agraryo sa Katagalugan** (1745-1746) | Malawakang pag-aalsa ng mga magsasaka ng rehiyon ng Katalugan, sa pangunguna ng mga lalawigan Batangas, Laguna, at Cavite dulot ng pangangamkam ng mga prayle sa kanilang lupa. Hindi nagtagumpay, bagkus ay walang lupang naibalik sa mga magsasaka. |
| **Pag-alsang Diego Silang at Gabriela Silang** (1762-1763) | Nag-alsa si Diego Silang dahil sa buwis at pagnanais na palayasin ang mga Espanyol. Matagumpay nilang napababa sa puwesto ang gobernador at obispo ng Vigan, at agad na idineklara ang Malayang Ilocos Pinatay ng kaniyang kaibigang si Miguel Vicos. Ipinagpatuloy ni Gabriela Silang ang ipinaglalaban ng asawa. Nahuli si Gabriela at binitay. |
| **Pag-aalsang Basi** (1807) | Pinamunuan ng isang Pedro Ambaristo sa kasalukuyang Piddig, Ilocos Norte. Nag-ugat sa paghihigpit ng mga Espanyol sa produksiyon at pagbebenta ng basi—isang uri ng alak mula sa tubo. Ipinagbawal ang pribadong produksiyon ng alak. Dahi dito, mapilitan ang mga Ilocano na bumili ng basi sa pamahalaan sa higit na mataas na halaga. Makalipas ang ilang linggo na pag-aalsa, nasupil din agad ito ng mga Espanyol |

Sa kabuoan ay nabigo ang mga sinagawang pagtatanggol at pag-alsa ng mga Pilipino. Bungsod ito sa pagiging **watak-watak o kanya kanyang pagkilos** at walang pagkakaisa kaya madali itong nasugpu. Ang mga pag-aklas ay isinagawa lamang ng kaniya kaniyang bayan, lalawigan o rehiyon. Hinahayaan lamang ito ng karatig na bayan o tribu

Naging balakid din ang **kahandaan at kakulangan sa armas at kaalaman sa pakikipagdigma** laban sa sopistikado at makabagong armas ng mga Espnyol. Hiwahiwalay ang mga pulo at teritoryo na naging hadlang ito sa ugnayan **at walang maayos na komunikasyon**. Ang pagkakaiba ng wika ay dahilan din ng hindi pagkakaunawan at pagiging malayo sa isat-isa. Higit sa lahat, may mga **Pilipino na nakikiapid sa mga Kastila, nagsumbong at nakikipagdigma laban sa kapwa Pilipino** dahil sa kapalit na marangyang buhay na kanilang tinamasa mula sa mga prebilihiyo at pangako ng mga kastila o kaya ay dahil din sa takot.

Sa likod ng lahat na ito, ang mga pag-aalsa at mga kabiguan ay naging isang aral, at daan sa mga Pilipino ng pagkakaroon ng pagkamulat na kailangang magkaisa at kamalayan na kaya pala nilang na lumaban para sa kalayaan kung may pagkakabuklodbuklod. Bigo man ngunit likas pala para sa mga Pilipino ang pagnanais na maging Mapayapa, Mapagmahal at Malaya mula sa kalabisan. Likas na Makatarungan ang mga Pilipino kapag pinapahirirapan at pinagkaitan ng karapatan kagaya ng ibon sa hawla na pumipiglas mula sa kulungan ng mga luha at dusa.



# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **IBON** kung tama ang pahayag at **HAWLA** kung ang pahayag ay mali.

___________`1. Ang pagtatanggol at pag-alsa ng mga Pilipino pahanon sa pananakop ng mga Espanyol ay dahil sa kanilang abuso, pagmamalabis at kalupitan.

___________ 2. May tatlong pangunahing dahilan ang mga Pilipino sa kanilang pagtatanggol at pag-alsa. Una, magkaroon na maayos na pamumuhay o ekonomiya mula sa mabigat ng buwis, sapilitang paggawa, pagkamkam ng kanilang lupain. Pangalawa, katapatan sa paniniwala o Relihiyon, Pangatlo, ay Politikal o karapatan sa sariling pamamahala sa kanilang Nasasakupan.

___________ 3. Sinakop ng Espanya ang Pilipinas upang itoy tulungan at paunlarin.

___________ 4. Si Dagohoy ang may pinaka maikling pag-alsa laban sa mga Espanyol dahil sa pagbabawal sa pagtinda ng basi.


___________ 5. Ang mga pag-alsa ay nabigo dahil sa kakulangan ng kahandaan, walang pagkakaisa, kanya kanya, kawalan ng komunikasyon, pagkakaiba-iba ng wika at pagmamahal sa sariling kapakanan.



# Gawain

**GAWAIN A**

**Panuto:** Kompletohin ang Tsart sa Ibaba**.** Isulat sa hanay ang mga ibat ibang pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa Kolonyalismong Espanya ayon sa tatlong pangunahing kadahilanan at tamang pagkasunod sunod na taon.




**GAWAIN B**

| |
|---|
| **Panuto:** Tukuytin ang kahalagahan ng sumusunod na pag-alsa ng mga Pilipino laban sa Kolonyalismong Espanyol |

| Pag-aalsa | Kahalagahan |
|---|---|
| Pag-alsa ni Lakandula (1574) | Halimbawa:<br>Pagtangal sa labis na pagpataw ng di makatarungang buwis. |
| 1. Pag-aalsang Agraryo sa Katagalugan (1745-46) | |

| | |
|---|---|
| 2. Pag-aalsang Basi (1807) | |
| 3. Pag-aalsa ni Sumuroy (1649-1650) | |
| 4. Pag-aalsa nn mga Igorot (1601) | |
| 5.Pag-aalsa nn mga Datu ng Tondo (1587-1588) | |

**GAWAIN C**

Bilang pagpapahalaga sa mga pagpupunyagi at sakripisyo na nasimulan ng mga unang Pilipino upang makamtan natin ngayon ang ating tinatamasang malaya, at mapayapang bansa, pagnilayan ang mga sumusunod na kaisipan sa checklist sa ibaba nang maayos. Lahat na sagot ay tama ngunit sagutin ito ng tapat at makatotohanan mula sa puso. Huwag matakot kung itoy iyong nagawa o di nagawa.

**Panuto:** Gamit ang Checlist sa ibaba.. Lagyan ng TSEK (√) kung itoy iyong ginawa at EKES (X) naman kung hinde mo ginagawa. ***(10 puntos)***

| Talaan ng Sariling Katangian at mga Gawaing Nagpapahalaga sa pagtanggol at malasakit ng Unang mga Pilipino laban sa Espanya | | |
|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Ginawa ko** | **Di ko ginawa** |
| Maipamamalas ko ang pagpapahalaga ng pagtanggol ng mga Pilipino sa bayan sa pamamagitan ng pakikiisa o paglahok sa mga gawain sa paglilinis ng aking komunidad at iba pa. | | |
| Nanghihingi ako ng opisyal na resibo sa mga tindahan kapag bumili para makatulong sa maayos na paglikom ng buwis ang gobyerno. | | |
| Iginagalang ko ang aking kapwa na may ibang paniniwala, o relihiyon. | | |
| Itinatangkilik ko ang mga produktong gawa ng mga Pilipino kaysa mga produktong gawa mula sa Japan, China o Amerika | | |
| Hindi ko sinisira ang mga pampublikong ari-arian o nag ba-bandalismo sa mga pader at gusaling ng publiko | | |
| Inaayos ko ang aking pag-aaral para maging isang produktibong mamamayan | | |
| Iginagalang ko ang Pambansang Watawat at Awitin sa panahon ng *flag ceremonies* sa pamamagitan ng maayos ng pag-awit at pagtayo | | |
| Iginagalang ko ang mga nakatanda sa akin, mga magulang at mga guro sa pamamagitan ng pagbati at pagmano. | | |
| Di ako nagtatapon at nagsusunog ng plastic, nagtatanim ako ng mga puno at di nag-aaksaya ng tubig | | |
| Sinusunod ko ang mga kautusan at mga pinagbabawal ng *Ibter-Agency Task Force (IATF) nitong panahon ng pandemya* | | |



# Isaisip

Natutuhan ko sa araling ito na ang pagpapahalaga sa pagtatanggol at pakikipaglaban ng unang mga Pilipino sa kalupitan ng mga mananakop na Espanyol. Nag-aklas sila dahil pinagkaitan o pinagbawalan sa karapatan at pamamaraan sa pagsamba at pagpapahayg ng sariling paniniwala. Kaya nagkaroon ng Pag-aalsang ______________________.

Natutunan ko rin ang mga dahilan sa Pag-aalsang ___________. Ito ay ang labis na paghihirap sa pamumuhay ng mga Katutubo dahil sa sobrang lupit at bigat na naging alipin ang mga katutubo dahil sa sapilitang paggawa o polo at paghingi ng labis na singil sa _____________, pagkamkam ng _______________ sa Katagalugan at pagkontrola o monoplyo ng ____________at alak na basi.

Naghimagsik din ang mga katutubo sa pag-aalsang _________________dahil nawalan sila ng karapatan na mamuno at pamamahala sa sariling sinasakupan at mga teritoryo. Gaya ni Lakandula ng Maynila at mga pinuno ng Tondo na si____________________, Martin Pangan, Juan Banal, at Pedro Balingit.

Sa pag-alsa at pakikibaka ay nabigo halus ang mga Pilipino. Ito ay dahil sa walang_____________________________________, kulang sa kahandan sa kagamitang pandigma. Di rin maayos ang komunikasyon at hiwalay ang mga isla at teritoryo, ibat iba ang ________o salita. May mga Pilipino din na nakikiapid sa mga dayuhang Espanyol at nakikipaglaban sa kapwa Pilipino.



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit nagkakaroon ng paghihimagsik si Dagohoy?
   A. dahil sa pagmamalupit ng mga Espanyol.
   B. dahil sa kakulangan ng kanilang pagkabuhayan.
   C. dahil sa pag-aabuso ng mga paring Espanyol sa mga kababaihan.
   D. dahil sa pagtanggi ng paring ilibing ang kanyang kapatid sa sementeryo ng Katoliko.

2. Isa si Diego Silang sa mga nakipaglaban sa pang-aapi ng mga Kastila. Paano niya ito isinagawa?
   A. Gumamit ng taktikong natutuhan pa sa Europa.
   B. Pinatalsik ang obispo at gobernador ng Vigan..
   C. Nagtatag ng sariling pamahalaan sa katagalugan.
   D. Nagtatag ng samahan upang lumaban sa mga Amerikano.

3. Paano nabigyan ng kahalagahan ang mga naunang pagtatanggol ng mga Pilipino laban sa kolonyalisasyon ng mga Espanyol?
   A. Pagkakaroon maraming kakampi laban sa Espanyol.
   B. Umalis ang mga katutubo sa kanilang mga tirahan.
   C. Natakot ang mga Pilipino at palaging umaasa sa mga Kastila.
   D. Napukaw ang damdaming makabayan at pagnanasa ng pagkakaisa para sa kalayaan.

4. Bakit mahalaga ang pag-alsa ni Apolinario dela Cruz o si Hermano Pule?
   A. Dahil ayaw niya ang sistemang polo na ipatupad
   B. Dahil gusto niyang bumalik sa nakagisnang rehiyon.
   C Sapagkat tinutulan niya ang ipinatupad na monopolyo ng tabako
   D Dahil hangad niya ang pantay na karapatang maging pari ng mga Espanyol.
5. Ano ang kahalagahan ng pakikipaglaban ni Dagohoy?
   A. Pagkawatak-watak ng mga Pilipino.
   B. Naging mayaman ang mga ninuno
   C. Bumalik sa bundok ang mga ninuno
   D. Nagkaroon ng pantay na karapatan.
6. Bilang batang Pilipino, paano mo maipapakita ang iyong pagpapahalaga sa nagawang pagtatanggol ng unang mga Pilipino sa bayan noon?
   A. Tangkilin ang sarili nating produkto.
   B. Mag aral ng mabuti para maging produktibong mamamayan.
   C. Pahalagahan ang kulturang Pilipino at igalang ang kultura ng iba
   D. Lahat ng nabanggit ay tama.
7. Paano ipinakita ng mga unang Pilipino ang pagiging makabansa?
   A. Palaging takot at nagtatago
   B. Naging mayabang at malakas
   C. Naging sunud-sunuran sa mga Espanyol
   D. Nagplano at gumawang pag-aalsa para sa kalayaan.
8. Sino ang namuno sa unang pakipaglaban sa mga Kastila sa Mactan?
   A. Lakandula B. Lapulapu C. Magalat D. Sakay
9. Saan naganap ang malaking pag-aalsa ng unang mga Pilipino dahil sa pag-agaw ng kanilang lupain?
   A. Bohol B. Ilocos C. Katagalugan D. Samar
10. Alin sa mga sumusunod ang **hinde** sanhi ng pagkabigo ng mga pag-aalsa ng unang mga Pilipino?
   A. Walang pagkakaisa
   B. Kulang sa armas at kahandaan
   C. Masunurin sa kautusan ng mga Espanyol
   D. Pakikisabwatan ng ibang mga Pilipino sa mga Kastila.



# Karagdagang Gawain

**Sanaysay.** Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa mga bagay hinggil sa iyong sarili kung ano ang iyong mga kakayahan na pwede mong maibahagi para makatulong at makaambag sa pagtatanggol at ikauunlad ng bansang Pilipinas sa panahon ngayon?

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Mahusay (8)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (6)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (4)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |
| **Sadyang Di-maayos (2)** | Di natapos o walang naisulat |

***(10 puntos)***

# Susi sa Pagwawasto

*BALIKAN*

1. Igorot
2. monopolyo
3. Pagtutol
4. Jihad
5. Pangangayaw

*TUKLASIN*

*1.-6 Iba- ibang personal na sagot*

*PAGYAMANIN*

1. ibon
2. ibon
3. Hawla
4. Hawla
5. Ibon

***GAWAIN***

**Gawain A**

**Unang Hanay (Pulitika)**

Pag-aalsa ni Lakandula
Pag-aalsa ng mga datu ng Tondo

**Ikalawang Hanay (Relihiyon)**

Pag-aalsa ng mga igorot
Pag-aalsa ni Bangcao
Pag-aalsa ni Tamblot
Pagp-aalsa ng mga Itneg
Pag-aalsa ni Tapar sa Panay
Pag-aalsa ng mga Magtangagang ng Cagayan
Pag-aalsa ni Dagohoy sa Bohol
Pag-aalsa ni Apolinaryo dela Cruz sa Tayabas

**Pangatlong Hanay (Ekonomiko)**

Pag-aalsa ni Magalat
Pag-aalsa ni Ladia sa Bulacan
Pag-aalsa ni Sumurioy
Pag-aalsa ni Maniago
Pag-aalsa ni Malong sa Pangasinan
Pag-aalsang Agraryo sa Katagalugan
Pag-aalsang Diego at Gabriela Silang
Pag-aalsang Basi

*Gawain B*

1. Karapatan sa Lupain
2. Kalayaan sa kalakal ng Basi
3. Kalayaan mula sa sapilitang paggawa
4. Kalayaan sa paniniwala
5. Karapatan sa pamumuno sa sariling teritoryo at sinasakupan

Gawain C

Lahat ng kasagutan ng mag-aaral sa *check list* ay tama

*ISAISIP*

Relihiyon, Ekonomika,
Buwis, lupain, tabako,

Politika, Magat Salamat,
pagkakaisa, wika

*TAYAHIN*

I.

1. C
2. B
3. D
4. D
5. D
6. D
7. D
8. B
9. D
10. C

***Sanggunian:***

Gabuat, M. A., Jose, M.D.,& Mercado, M. (2016). *Pilipinas Bilang Isang Bansa.* Quezon City: Vibal Group. Inc. pp. 225-237

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region I

Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.